CANOSSIAN YOUTH PRAYER VIGIL
Espiritu Santo: Gabay ng Kabataan tungo sa Kapayapaan ng Bayang Sinilangan
May 22-23, 2010

Pambunagd na Awit: *Halina, Espiritu Santo*

Sa Ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. *Amen.*

Mga kapatid, tayo ngayon ay nasa bihilya ng Dakilang Kapistahan ng Pentecostes: ang Kapistahan ng Pagpanaog ng Banal na Espiritu na siya ring kinikilalang araw ng Kapanganakan ng buong Simbahan. Nagkakatipon din tayo sa gabing ito sa pagdiriwang CANOSSIAN YOUTH PRAYER VIGIL.

Sa pananalangin natin ngayong gabi, ating isama sa ating mga dasal ang ating bansa na ngayon ay humaharap sa napakaraming pagsubok: ang kawalan ng katarungan, ang kakulangan sa kapayapaan, ang pagkagutom, kawalan ng trabaho, pagbaba ng moralidad at marami pang iba.

Balikan natin ang mga panahong ang mga apostol ay nagtatago sa iisang silid, pinid ang pintuan, dahil sa takot sa mga Judio, tulad ng bansa nating ngayon na puno ng takot at pangamba. Hilingin natin sa Dakilang Ama na isugo ang Espiritu Santo upang, tulad ng mga alagad, tayo ay magkaroon ng lakas ng loob na ipahayag ang dakilang Pag-ibig ng Diyos para sa lahat.

Manalangin tayo sa katahimikan.

Maglaan ng ilang minuto ng katahimikan.

Awit:

Espiritu ni Kristo
Espiritu ng Pag-ibig
Pagtibayin ang Puso
Pagtibayin ang Puso.

Antipona: Alleluya! Alleluya! Alleluya!

O kay buti ng umawit at magpuri sa ating Diyos
Ang Magpuri sa kanya'y tunay na nakalulugod. Alleluya!

Ang Lungsod ng Jerusalem muli niyang ibabalik
Sa kanyang mga lingkod na natapon at nalupig. Alleluya!

Yaong mga pusong wasak ay kanya ring lulunasan
Ang natamo nilang sugat, agad agad tatapalan. Alleluya!

Alam niya't natitiyak ang bilang ng mga tala
Isa'isang tinatawag, yaong ngalang itinakda. Alleluya!

SALMO: Awit ng Paghilom

Panginoon ko, hanap-hanap Ka ng puso,
Tinig Mo'y isang awit paghilom.

Ang baling ng aking diwa ay sa 'Yo,
H'wag nawang pababayaang masiphayo.
Ikaw ang buntong hininga ng buhay;
Dulot Mo'y kapayapaan, pag-ibig.

Ako'y akayin sa daang matuwid.
H'wag nawang pahintulutang mabighani.
Sa panandalian at huwad na rilag
Ikaw ang aking tanging Tagapagligtas.

Sigwa sa 'king kalooban 'Yong masdan.
Pahupain ang bugso ng kalungkutan.
Yakapin ng buong higpit 'Yong anak
Nang mayakap din ang bayan Mong ibig.

Maglaan ng sandaling katahimikan

Awit:

Diyos ay pag-ibig
Sa iyong puso siya'y mananahan
Diyos ay pag-ibig
Huwag kang mangamba.

Pagbasa ng salita Diyos: Gawa 1:47

Pagbasa mula sa Gawa ng mga Apostol,

Nagkakatipon silang lahat sa isang lugar nang sumapit ang araw ng Pentecostes. Walang anu-ano'y may ingay na nagmula sa langit, na tulad ng ugong ng malakas na hangin, at napuno nito ang bahay na kinaroroonan nila. May nakita silang parang mga dilang apoy na dumapo sa bawat isa sa kanila, at silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at nagsimulang magsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.
May mga debotong Judio noon sa Jerusalem na nagmula sa bawat bansa sa buong mundo. Nang marinig nila ang ugong, nagdatingan ang maraming tao. Namangha sila sapagkat nagsasalita ang mga alagad sa wika ng mga nakikinig. Sa pagkamangha at pagtataka ay kanilang nasabi, "Hindi ba taga-Galilea silang lahat? Bakit sila nakapagsasalita sa ating wika? Tayo'y mga taga-Partia, Media, Elam, Mesopotamia, Judea at Capadocia, Ponto at Asia. Mayroon pa sa ating taga-Frigia at Pamfilia, Egipto at sa mga lupain ng Libya na malapit sa bayan ng Cirene, at mga nagmula sa Roma, mga Judio at mga Hentil na naakit sa pananampalatayang Judio. May mga taga-Creta at Arabia rin. Paano sila nakapagsasalita sa ating mga wika tungkol sa mga kahanga-hangang ginawa ng Diyos?" Hindi nila lubusang maunawaan ang nangyari, kaya't nagtatanungan sila, "Ano ang kahulugan nito?"
Ngunit may ilang nagsabi nang pakutya, "Lasing lang ang mga iyan!"

Ang Salita ng Diyos.

Awit: Anima Christi

Soul of Christ, sanctify me.
Body of Christ, save me.
Water from the side of Christ, wash me.
Passion of Christ, give me strength.

Hear me, Jesus.
Hide me in Thy wounds that I may never leave Thy side.
From all the evil that surrounds me defend me.
And when the call of death arrives bid me come to Thee.
That I may praise Thee with Thy saints forever.

Pagninilay (Hango sa homiliya ni Papa Benito XVI sa pagdiriwang ng Pentecostes 2009)

In the account of Pentecost the Acts of the Apostles uses two important images to indicate the Holy Spirit: the image of the storm and the image of fire. Clearly, St Luke has in mind the theophany of Sinai, recounted in the Books of Exodus (19: 16-19) and Deuteronomy (4: 10-12, 36). In the ancient world the storm was seen as a sign of divine power, before which man felt subjugated and terrified. However, I would like to emphasize another aspect too: the storm is described as a "mighty wind" and this makes one think of the air which distinguishes our planet from the other stars and enables us to live on it. What air is for biological life, the Holy Spirit is for spiritual life; and just as an atmospheric pollution exists that poisons the environment and living beings, thus a pollution of heart and spirit exists that mortifies and poisons spiritual life. In the same way that one must not become inured to the poisons in the air and for this reason ecological commitment is a priority today likewise one must not become inured to what corrupts the mind. On the other hand it seems that it is not difficult to become accustomed to the many products that contaminate both the mind and the heart and that circulate in our society for example, images which boost pleasure, violence or contempt for men and women. This is also freedom, people say, without realizing that all this pollutes, and intoxicates the mind, especially that of the new generations and moreover ends by conditioning their very freedom. The metaphor of the mighty wind of Pentecost makes one think instead of how precious it is to breathe clean air, physically with the lungs and spiritually with the heart, the healthy air of the Spirit who is love!

The other image of the Holy Spirit which we find in the Acts of the Apostles is fire. I mentioned at the beginning the comparison between Jesus and the mythological figure of Prometheus which recalls a characteristic aspect of modern man. In possessing himself of the energies of the cosmos "fire" the human being seems today to assert himself as a god and to wish to transform the world excluding, setting aside or even rejecting the Creator of the universe. Man no longer wants to be an image of God but of himself; he declares himself autonomous, free and adult. Of course, this attitude reveals a relationship with God which is not authentic, the consequence of a false image which has been fabricated of him, like the Prodigal Son in the Gospel parable who believes that he can fulfil himself by distancing himself from his father's house. In the hands of such a man "fire" and its enormous potential become dangerous: they can backfire against life and humanity itself, as history unfortunately shows. The tragedies of Hiroshima and Nagasaki, where atomic energy used for the purposes of war, ended by sowing death on an unheard of scale, serve as a perennial warning.
It would truly be possible to find many examples, less grave but equally symptomatic, in everyday reality. Sacred Scripture reveals to us that the energy capable of moving the world is not an anonymous and blind force but the action of the "Spirit of God... moving over the face of the waters" (Gn 1: 2) at the beginning of the Creation. And Jesus Christ "brought to the earth" not the vital force that already lived in it but the Holy Spirit, that is, the love of God who "renews the face of the earth", purifying it from evil and setting it free from the dominion of death (cf. Ps 103[104]: 29-30). This pure, essential and personal "fire", the fire of love, came down upon the Apostles gathered in prayer with Mary in the Upper Room, to make the Church an extension of Christ's work of renewal.
Maglaan ng sandaling katahimikan

Awit:

The Kingdom Of God is justice and peace and Joy in the Holy Spirit
Come Lord and open in us the gates of your kingdom.

Panalangin ng Bayan

KYRIE, KYRIE, KYRIE ELEISON.
KYRIE, KYRIE, KYRIE ELEISON.

1. Diyos ng lubos na pag-ibig, tinungo ng Inyong Kristo ang kababaan ng aming pagiging tao. Halina't tulungan ang lahat ng nasa pighati at pagkabalisa. *Sa Panginoon, manalangin tayo.*

2. Diyos ng lubos na pag-ibig, sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ng Inyong Anak, pinupuno Ninyo kami ng pag-asa para sa daigdig. Kahit na sa aming mga limitasyon bilang tao, ang aming mga buhay ay gawin Ninyong mga tanda ng Inyong kabutihan. *Sa Panginoon, manalangin tayo.*

3. Diyos ng lubos na pag-ibig, pinanatag ng Inyong Anak ang loob ng Kanyang mga alagad sa kanilang pagkabahala. Bigyang kapanatagan at lakas ang sambayanang Pilipino sa mga araw na ito pagkatapos ng aming halalan upang maging mapagbantay at itaguyod ang tama. *Sa Panginoon, manalangin tayo.*

4. Diyos ng lubos na pag-ibig, sa pag-akyat ni Jesus sa langit, isinusugo Ninyo kami upang ipahayag ang Inyong pagpapatawad hanggang sa dulo ng daigdig. Gawin Ninyo kaming mga saksi kay Kristo sa mundo. *Sa Panginoon, manalangin tayo.*

5. Diyos na lubos ng Pag-ibig, sa pagsusugo mo sa Espiritu Santo sa iyong banal na Simbahan, bigyang lakas ang mga kabataan. Sila nawa ay maging tunay na ehemplo ng kapayapaan sa kabila ng mga pighati at hirap nitong aming bayan. *Sa Panginoon, manalangin tayo.*

Ama Namin

Panginoon naming Diyos, Dakila at Mapagmahal na Ama, pinupuri ka naming at pinasasalamatan sa pagsusugo mo sa Banal na Espiritu upang maging gabay at lakas naming sa pagtupad ng aming misyon bilang mga anak mo.

Loobin mong kami ay maging tulad ng iyong Anak na si Jesus. Gawin Mo kaming tulad Niya: masunurin, mapagmahal at mapagpakumbaba. Sa kabila ng mga pagsubok na aming dinaranas sa landasin ng buhay, tulungan mo kaming maging matapat sa iyong mga turo at aral at huwag magpadala sa tawag ng mga makamundong bagay.

Katulad ng mga apostol, bigyan mo kami ng lakas ng loob na maipahayag ang iyong pagmamahal sa harap ng pagpaparusa, karahasan at kawalan ng pag-ibig.

Hinihiling naming ito sa pamamagitan ng Kristo, aming kapatid at kaibigan, sa paggabay ng Espiritu Santo at sa panalangin ni Maria, aming Ina.

Amen.